Republika ng Pilipinas
BAYAN NG BALAYAN
Lalawigan ng Batangas

TANGGAPAN NG PUNONG-BAYAN

KAUTUSAN EHEKUTIBO BILANG 19, S. 2020

BINAGONG PANUNTUNANG PINAIIRAL SA LAHAT LUGAR NA NASA ILALIM NG GENERAL COMMUNITY QUARANTINE AYON SA OMNIBUS GUIDELINES ON THE IMPLEMENTATION OF COMMUNITY QUARANTINE NA ITINAKDA NG INTER-AGENCY TASK FORCE FOR THE MANAGEMENT OF EMERGING INFECTIOUS DISEASES

SAPAGKAT, noong 15 Mayo 2020, ang Tanggapan ng Punong Bayan ay naglabas na Kautusang Ehekutibo Bilang 18, S. 2020, na siyang ginawang panuntunang paiiralin sa buong munisipalidad bagay sa pagsasailalim sa General Community Quarantine ng Batangas alinsunod sa Omnibus Guidelines on the Implementation of Community Quarantine in the Philippines (Omnibus Guidelines) na may petsang 29 Abril 2020 na itinadhana ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-MEID);

SAPAGKAT, noong ika 9:00 ng umaga, 16 Mayo 2020, nakatanggap ang Tanggapan ng Punong Bayan, ng bagong Omnibus Guidelines na may petsang 15 Mayo 2020 mula sa IATF-MEID, na nagtataglay ng mga bagong probisyong salungat sa nauna nitong Omnibus Guidelines;

SAPAGKAT, minarapat ng Tanggapan ng Punong Bayan na susugan ang nauna nitong Kautusang Ehekutibo Bilang 18, S. 2020, nang sa gayon ito ay umayon sa huling Omnibus Guidelines ng IATF-MEID;

DAHIL DITO, AKO, EMMANUEL SALVADOR P. FRONDA, II, Punong-bayan ng Balayan, Batangas, sa bisa ng kapangyarihan ipinagkaloob sa akin ng batas, dito ay nagtatakda ng mga sumusunod:

1. Ang mga Talata 13 at 18 ng Kautusang Ehekutibo Bilang 18, S. 2020, na kilala bilang Panuntunang Pinaiiral sa Lahat ng Lugar na nasa Ilalim ng General Community Quarantine ayon sa Omnibus Guidelines on the Implementation of Community Quarantine na itinakda ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging of Infectious Diseases, dito ay binabago ayon sa sumusunod:

> "13. Lahat ng uri ng pampubliko at pribadong pagtitipon ay dapat may kaukulang permiso mula sa munisipyo. Hindi papayagan ang mga pagtitipon para sa pag-aaliw, libangan, panonood ng mga sine, concert, at mga pampalakasang pagtitipon. Papayagan ang mga pagtitipong pangrelihiyon subalit di dapat lalagpas sa sampu (10) ang dadalo dito (Section

4, paragraph 12 of Omnibus Guidelines dated 15 May 2020 of IATF-MEID);

x x x

18. Lahat ng gawaing pang-ehersisyo gaya ng jogging, walking, running, at biking ng mga residente ng Balayan ay papayagan. Subalit ang mga gawaing ito ay dapat gawin sa loob ng Balayan lamang, may suot ng face mask, at laging may social distancing sa bawat isa kung may kasama."

2. Ang Kautusang ito ay magkakabisa pamula sa 16 Mayo 2020 hanggang umiiral ang GCQ sa buong Batangas na maaaring mabago ayon sa kautusan ng IATF-MEID.

IPINAGUUTOS.

GINAWA NGAYONG, ika 16 Mayo 2020 sa Balayan, Batangas.

EMMANUEL SALVADOR P. FRONDA, II
Punong Bayan